Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
**SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL**

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 193 , s. 2023

17 MAR 2023

**MGA TAMPOK NA PALIGSAHAN SA PAMPINID NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKAN 2023**

PARA SA : Mga Katuwang na Tagapangasiwa ng Dibisyon
Mga Hepe ng Dibisyon
Mga Tagamasid ng mga Asignatura
Mga Tagamasid ng Purok
Mga Pinuno ng Paaralan

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang mga Tampok na Paligsahan sa Pampinid na Pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan 2023 na gagawin ngayong ika-28, ng Abril 2023 sa Bulwagan ng Dibisyon.

2. Kalakip ang sipi ng panuntunan at pamantayan ng mga paligsahan.

3. Hinihiling ang mga pampurok na koordineytor ng Filipino na mamamagitan sa pagpapadaloy ng mga gawaing tampok sa pagdiriwang.

4. Transportasyon at iba pang gastusin sa pagsasagawa ng mga gawaing tampok sa pampinid na Pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan 2023 ay manggagaling sa MOOE/PTA/SEF at iba pang lokal na pondo na sasailalim sa pagtutuos, pamantayan at regulasyon ng COA.

5. Hinihikayat din ang mga Tagamasid ng Purok at mga Pinuno ng Paaralan na makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga gawaing ito.

6. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**SENEN PRISCILLO P. PAULIN, CESO V**
Tagapamanihala ng Dibisyon

SPPP/JMA-MKP-NLR/CID/NLR/raj
Marso 17, 2023

**Address:** Kagawasan Avenue, Capitol Area, Daro, Dumaguete City
**Telephone Nos.:** (035)225-2838 / 225-2376 / 422-7644
**Email Address:** negros.oriental@deped.gov.ph

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **QUIZ BOWL** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 6** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 28, 2023** | |
| **Oras** | **9 ng umaga** | |
| **Kasuotan** | **Puting T-shirt** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Madali (10 items x 2) | 20 |
| | Katamtaman (10 items x 3) | 30 |
| | Mahirap (10 items x 3) | 50 |
| | Kabuoan | 100 |
| **Panuntunan** | a) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng elementarya na nasa ika-anim na baitang.<br>b) Ang bawat distrito ay pwedeng magpasok ng higit sa tatlong kalahok na dadaan sa ilimination round (online quiz). Ang unang sampung mananalo sa nasabing round ang siyang opisyal na kalahok sa face to face round na gagawin sa dibisyon ngayong Abril 28, 2023 sa may alas 9:00 ng umaga.<br>c) Ang bawat kalahok ay inaasahang magdala ng pentil pen na gagamitin sa paligsahan.<br>d) Ang tatlong unang kalahok na may mataas na iskor ay ang siyang magwawagi sa patimpalak. | |

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
**SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL**
www.depednegor.net

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAGSULAT NG MAIKLING KUWENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 28, 2023** | |
| **Oras** | | |
| **Kasuotan** | | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Orihinalidad | 25% |
| | Organisasyon | 25% |
| | Kaayusan | 25% |
| | Estilo sa Pagsulat | 25% |
| | Kabuoan | 100% |
| **Panuntunan** | a) Ang pagsulat ng maikling kuwento ay isang paligsahan sa pagsulat ng isang akdang pampanitikan. Ito ay binubuo lamang ng hindi lalagpas sa 500 na salita at hindi naman bababa sa 200 na salita.<br>b) Ang paligsahang ito ay bukas sa mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 10.<br>c) Ang bawat kalahok ay Malaya sa pagpili ng paksa na susulatin.<br>d) Isusumite ng mga kalahok ang pinal na tampok na akda sa email address na ito: renante.juanillo@deped.gov.ph.<br>e) Ang palugit sa pagsusumite ng mga kopya ng maikling kuwento ay ngayong Abril 24, 2023.<br>f) Ang komiti ay pipili ng top 10 na lahok na siyang pagpipilian ng mga magwawagi sa nasabing patimpalak.<br>g) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago. | |

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **G. BUWAN NG PANITIKAN** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 11-12** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 28, 2023** | |
| **Oras** | **1:00 ng hapon** | |
| **Kasuotan** | **Barong** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Kagitingan at angking kagwapuhan | 25% |
| | Pagpapaliwanag ng Simbolo ng Panitikan | 20% |
| | Simbolo | 25% |
| | Kasuotan at tikas sa entablado | 25% |
| | Hikayat sa madla | 5% |
| | Kabuoan | 100 |
| **Panuntunan** | a) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng Higit na Mataas na Paaralan.<br>b) Ang bawat kalahok ay nakasuot ng barong. May dala ang mga ito ng isang malikhaing gawa na simbolo ng pagmamahal sa ating panitikan tulad ng agila, ibon, salakot, o kung ano pang bagay na magsisilbeng simbolo nito.<br>c) Bibigyan ito ng pagpapaliwanang kung bakit napili ang nasabing simbolo ng panitikan.<br>d) Ang daloy ng palabas; Magpapakilala muna ang kalahok. Susundan ito ng pagpapaliwanag ng kanyang dalang simbolo.<br>I- Introduksiyon ng mga kalahok<br>II- Pagpapaliwanag ng simbolo<br>e) Ang mga kalahok ay gagawaran ng mga sumusunod na parangal;<br>1. Pinakamagaling na pagpapakilala<br>2. Pinakamagaling na simbolo<br>3. Pinakamagandang Barong<br>4. Popular na kalahok<br>5. Ikalawang Lakan, Unang Lakan, at G. Buwan ng Panitikan 2023<br>f) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago | |

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **SINAULONG TALUMPATI** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 10** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 28, 2023** | |
| **Oras na inilaan** | **3 minuto** | |
| **Kasuotan** | **Barong/Filipiniana** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Interpretasyon<br>Tinig (15%)<br>Bigkas (15%)<br>Kumpas at ekspresyon ng mukha (15%) | 45% |
| | Kaangkupan sa tema | 15% |
| | Organisasyon | 30% |
| | Hikayat sa madla | 10% |
| | Kabuoan | 100% |
| **Panuntunan** | a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 10.<br>b) Ang paksa ng talumpati ay nakatuon sa tema: "Pagkakaisa: Pagpapaalab ng Pagkakaisa sa Pamamagitan ng Panitikan".<br>c) Dapat na orihinal ang piyesang bibigkasin ng kalahok na may habang 3 minuto lamang.<br>h) Ang kopya ng talumpati at video ay isusumite ng mga kalahok sa Google drive o one drive na ibibigay ngayong Abril 24, 2023.<br>d) Ang unang sampu na mapipili ay dadalo sa face to face final round na gagawin sa bulwagan ng dibisyon sa umaga ng Abril 28, 2023.<br>e) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago | |

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region VII, Central Visayas
**SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL**
www.depednegor.net

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **MUSICAL VIDEO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok (Live Performance)** | | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 28, 2023** | |
| **Oras na inalaan** | **3-5 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at paglabas ng tanghalan** | |
| **Kasuotan** | **Filipiniana/barong** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | **BAGO ANG PALIGSAHAN**<br>Estetik Valyu<br>Pagsasalin ng materyal<br>Sinematograpiya<br>Kahusayan at dating ng obra<br>**Kabuoan** | <br>30%<br>30%<br>30%<br>10%<br>**100%** |
| | **AKTUWAL NA PALIGSAHAN**<br>Musikalidad<br>Interpretasyon<br>Pagsasalin ng materyal<br>Kasuotan at tikas sa entablado<br>**Kabuoan** | <br>30%<br>25%<br>25%<br>20%<br>100% |
| Panuntunan<br>a) Ang MUSICAL VIDEO ay isang paligsahan sa paggawa ng video sa pamamagitan ng pagsasalin sa isang awiting Inglis. Ang pipiliing kanta ay yaong wala pang version sa Filipino.<br>b) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mag-aaral sa sekundarya. Isusumite ang video ayon sa nakatakdang panahon. Isang minus one na may liriko na pang-videoke, at isang may interpretasyon (may liriko) ng naturang kanta.<br>c) Ang komiti ng nasabing paligsahan ay pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay itatanghal sa araw ng Pampinid na Palatuntunan para sa aktuwal na paligsahan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.<br>d) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite kay G. Renante A. Juanillo, Tagamasid ng Filipino ngayong Abril 21, 2023 sa one drive na ipapadala.<br>e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | | |

| | |
|---|---|
| **Panuntunan** | g) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng Higit na Mataas na Paaralan.<br>h) Ang bawat kalahok ay nakasuot ng barong. May dala ang mga ito ng isang malikhaing gawa na simbolo ng pagmamahal sa ating panitikan tulad ng agila, ibon, salakot, o kung ano pang bagay na magsisilbeng simbolo nito.<br>i) Bibigyan ito ng pagpapaliwanang kung bakit napili ang nasabing simbolo ng panitikan.<br>j) Ang daloy ng palabas; Magpapakilala muna ang kalahok. Susundan ito ng pagpapaliwanag ng kanyang dalang simbolo.<br>III- Introduksiyon ng mga kalahok<br>IV- Pagpapaliwanag ng simbolo<br>k) Ang mga kalahok ay gagawaran ng mga sumusunod na parangal;<br>6. Pinakamagaling na pagpapakilala<br>7. Pinakamagaling na simbolo<br>8. Pinakamagandang Barong<br>9. Popular na kalahok<br>10. Second Runner Up, First Runner Up, at G. Buwan ng Panitikan 2023<br>l) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago |